



BY-LAW NG UTENSILS – ABRIL 22, 2022

MGA MADALAS ITANONG

Saan ko mahahanap ang by-law ng mga kubyertos?

Ang mga patakarang namamahala sa mga single-use na kubyertos ay nasa isang pag-amyenda sa By-law ng Lisensiya Num. 4450. Ang pag-amyenda sa by-law na ito ay makukuha sa vancouver.ca/utensils:

- By-law 12620 (binabago sa By-law ng Lisensiya 4450 na tungkol sa mga single-use na kubyertos)

Ang pinagsamang By-law ng Lisensiya Num. 4450 ay makikita sa vancouver.ca/your-government/licence-bylaw

Bakit ire-regula ang mga single-use na kubyertos?

Ang by-law sa by-request para sa mga single-use na kubyertos ay bahagi ng pangkat ng mga pagkilos na ginagawa ng Lungsod para mabawasan ang basurang single-use item habang nagtatrabaho tayo patungo sa pagiging zero-waste na komunidad sa pagsapit ng 2040.

Noong 2018, mga 103 milyong disposable na kubyertos ang tinapon sa basura sa Vancouver—hindi kasama ang mga kubyertos na nakakalat sa likas na kapaligiran. Walumpu't-apat na porsiyento ng taga-Vancouver ay sumasang-ayon na ang mga fast-food na restawran o kapihan ay dapat magbigay ng muling magagamit na kakainan. Ang pintumpu't isang porsiyento ng mga taga-Vancouver ay naniniwala na babawasan nila ang paggamit nila ng mga single-use item kapag tinanong sila kung gusto nila ito bago bumili.

Anong klase ng mga kubyertos ang kasama sa by-law?

Kasama ng by-law ang single-use na kutsara, kutsilyo, tinidor at chopsticks ng lahat ng klase ng materyales. Hindi kasama ang mga stick na panghalo.

Pinapayagan pa rin ba ang mga single-use na plastik na kubyertos?

Oo. Ang mga single-use na plastik na kubyertos ay hindi pinagbabawal. Ang mga negosyo, kawanggawa at mga not-for-profit ay maaaring patuloy na maglalaan ng mga single-use na plastik na kutsara, tinidor, kutsilyo at chopsticks sa mga kostumer, pero kapag hiniling lang o sa isang self-serve na istasyon.

Habang nagsasagawa tayo ng mga hakbang para mabawasan ang basura mula sa mga single-use item sa panahon ng COVID-19, nagtrabaho tayo para masiguro na ang lahat ng by-law natin ay naaayon sa pinakabagong pampublikong patnubay sa kalusugan at protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga residente, mga negosyo at kanilang mga kawani.

Para sa mga pinakabagong pangkalusugang inaatas para sa COVID-19 at mga dulugan, mangyaring pumunta sa:

- Webpage ng Provincial Health Officer para sa mga kautusan, abiso at patnubay.
- British Columbia Centre for Disease Control (BCCDC), kasama ang web page ng food business.
- Web page ng Vancouver Coastal Health para sa kalusugan ng kapaligiran at mga inspeksiyon.
- Work Safe BC.



BY-LAW NG UTENSILS - ABRIL 22, 2022

MGA MADALAS ITANONG

Bakit sinasaklawan ng by-law ang mga single-use na kubyertos na gawa mula sa plastik na may label o sinalarawan bilang mako-compost, made-degrade, bioplastic, at plastik na gawa mula sa mga tanim o ibang biyolohikal na materyales?

Mailalapat ang by-law sa mga single-use na kubyertos na gawa mula sa lahat ng klase ng materyales. Ang plastik na may label o isinalarawan bilang mako-compost, made-degrade (biodegradable, oxodegradable, photodegradable, atbp.), bioplastic, at mga plastik na gawa mula sa mga tanim o ibang biyolohikal na materyales:

- Ay hindi tinatanggap sa Green Bin na programa ng Lungsod
- Kinokontamina ang umiiral na mga daluyan ng pag-compost at pagreresiklo
- Ay hindi aprubado para i-compost sa ilalim ng probinsiyal na regulasyon
- Ay hindi dinesenyo na mag-biodegrade kapag naikalat sa likas na kapaligiran

Plastik na may label o isinalarawan bilang mako-compost o made-degrade ay hindi rin tinatanggap sa programang pagkolekta ng pagresiklo sa tirahan ng Recycle BC. Bilang mga contaminant, ang mga klase ng plastik na ito ay pinakamalamang na aalisin mula sa mga lokal na daluyan ng pag-compost at itatapon sa landfill o incinerator.

Bakit kasama ng by-law ang kahoy at kawayang single-use na kubyertos, tulad ng chopsticks?

Mailalapat ang by-law sa mga single-use na kubyertos na gawa mula sa lahat ng klase ng materyales. Noong 2018, sa 103 milyong disposable na kubyertos na tinapon sa basura sa Vancouver, dalawa sa tatlo ay mga single-use chopsticks at kahoy na kubyertos. Hindi nito kasama ang mga kubyertos na nakakalat sa likas na kapaligiran.

Kasama ba ng by-law ang mga panghalong stick? Paano naman ang mga indibiduwal na nakapaketeng sarsa, napkin at ibang aksesorya ng pagkain na madalas na nilalaan sa mga fast-food at take-out na order?

Hindi. Hindi nasasaklawan ng by-law ng kubyertos ang mga panghalong stick, indibiduwal na nakapaketeng sarsa, napkins o ibang aksesorya ng pagkain. Para mabawasan ang basura, hinihikayat namin ang mga nagbebenta ng pagkain na ipamigay din ang mga item na ito kapag hiniling lamang.

Anong klaseng mga kubyertos ang dapat naming ibigay sa aming mga kostumer?

Hangga't maaari, hinihikayat namin ang mga nagbebenta ng pagkain na lumipat sa mga muling magagamit na kubyertos, kasama ang mga muling magagamit na chopsticks, para sa dine-in na serbisyo.



BY-LAW NG UTENSILS - ABRIL 22, 2022

MGA MADALAS ITANONG

Anong klase ng mga kubyertos ang pinakainaasam mula sa pananaw ng ikabubuti ng kapaligiran?

Minumungkahi ang mga muling magagamit na kubyertos na gawa mula sa matitibay, mahuhugasan at mareresiklong materyales, tulad ng metal, ceramic o matigas na plastik. Kapag inaatas ang mga single-use na kubyertos, hinihikayat namin ang mga nagtitinda ng pagkain na pumili ng mga alternatibo na matatanggap sa programang Green Bin ng Lungsod, tulad ng kahoy o kawayan.

Saan ako makakahanap ng impormasyon tungkol sa katanggap-tanggap na mga alternatibo sa single-use na kubyertos?

May listahan ng minumungkahing alternatibo ay makukuha sa aming website sa vancouver.ca/utensils at sa Patnubay sa By-law ng Single-Use Item.

Kailangan bang humingi ang mga kostumer ng mga single-use na kubyertos, o maaari bang ialok ito ng kawani sa mga kostumer?

Maiaalok Ito ng mga kawani sa mga kostumer. Ang mga negosyo, kawanggawa, at mga not-for-profit ay maaaring mamigay ng mga single-use na kubyertos kapag:

- hiniling ito ng kostumer, o
- kinumpirma ng kostumer na gusto nila ng kubyertos kapag inalok ng nagtitinda ng pagkain

Ilalapat ang by-law sa lahat ng mga order, kasama ang personal, online at order sa telepono. Turuan ang kawani niyong hindi awtomatikong magbigay ng mga single-use na kubyertos, kapag personal na naghahain at kapag naghahanda ng mga take-out na order. Bumisita sa vancouver.ca/utensils para sa till topper para udyukin ang mga kostumer mong humiling ng mga kubyertos kung kailangan.

Ang mga single-use na kubyertos ba ay mailalaan sa mga self-serve na istasyon?

Oo. Pinapayagan ang mga self-serve na istasyon. Ang “self-serve na istasyon” ay isang bahagi ng lugar kung saan maaaring pumili ang mga kostumer ng kubyertos nila.

Ang mga single-use na kubyertos ba ay maaaring ilagay sa mga lamesa ng kainan?

Hindi. Ang mga single-use na kubyertos ay hindi puwedeng ilagay sa mga indibiduwal na lugar ng upuan o sa lagagayan sa mga lamesa ng kainan. Ang mga single-use na kubyertos ay dapat lang ilaan kung hiningi ito ng kostumer, o sa mga self-serve na istasyon sa hiwalay na bahagi ng kainan.



BY-LAW NG UTENSILS - ABRIL 22, 2022

MGA MADALAS ITANONG

Ang mga serbisyo sa paghahatid ng pagkain ba ay inaatasang sumunod sa by-law ng kubyertos?

Kung ang negosyo ay nagbibigay lang ng mga serbisyo sa paghahatid at hindi nagbebenta ng nakahandang pagkain, ang by-law na ito ay hindi direktang mailalapat sa kanila. Subalit, ang mga nagbebenta ng pagkain na nasa Vancouver ay dapat sumunod sa by-law, kasama ang mga benta sa pamamagitan ng mga serbisyo sa paghahatid ng pagkain. Lahat ng mga tagapaglaan ng serbisyong paghahatid ng pagkain ay dapat mag-update ng kanilang online, mobile at sa-teleponong plataporma ng pag-order para masiguro na maaaring humiling ang mga kostumer ng kubyertos na kailangan nila mula sa mga nagtitinda ng pagkain na nasa Vancouver.

Ang mga kawanggawa ba at ang mga not-for-profit ay kailangang sumunod sa by-law ng kubyertos?

Oo. Lahat ng mga organisasyon na inaatasang may hawak na lisensiya sa pagnenegosyo sa ilalim ng By-law sa Lisensiya Num. 4450 ng Lungsod ng Vancouver ay dapat ngayong sumunod sa by-law ng mga kubyertos, kabilang ang mga nakarehistrong kawanggawa at mga not-for-profit na korporasyon na nagbibigay ng mga kawanggawang serbisyo ng pagkain.

Ang ibig sabihin ng “mga kawanggawang serbisyo ng pagkain” ay pagbibigay ng libre o murang pagkain ng organisasyon na naka-incorporate at nasa mabuting katayuan sa ilalim ng Societies Act, o nakarehistro bilang kawanggawang organisasyon sa ilalim ng pederal na Batas sa Income Tax.

Tala: Sa panahon ng COVID-19, ang mga kawanggawang serbisyo ng pagkain ay maaaring magpatuloy na mamahagi ng mga single-use item kasama ng pagkain o meals, kabilang ang mga disposable na kubyertos, pero inaasahang magsimulang magtrabaho patungo sa pagsunod sa by-laws sa lalong madaling panahon para sa kanila.

Sino at ano ang hindi kasama sa by-law ng mga kubyertos?

Mga ospital at mga community care center: Ang by-law ng mga kubyertos ay hindi para sa mga serbisyong pagkain para sa mga pasyente sa mga ospital o mga residente ng mga community care center.

Mahalaga: Ang by-law ng mga kubyertos ay hindi mailalapat sa mga nagbebenta ng pagkain na may lisensiya sa pagnenegosyo sa Vancouver na nasa mga ospital o mga community care facility (halimbawa" mga kapeterya, kapihan) na naghahain ng nakahandang pagkain sa mga kostumer.

Pagtitinda ng mga nakapaketeng kubyertos sa mga tindahan: Pinapayagan pa rin ang mga retailer na magtinda ng mga pakete ng 20 man lang na single-use na kubyertos na binibenta para sa personal na paggamit.



BY-LAW NG UTENSILS - ABRIL 22, 2022

MGA MADALAS ITANONG

Bakit hindi kasama ang mga ospital at mga community care facility mula sa by-laws ng single-use item?

Ang hindi pagsama sa by-law para sa mga ospital at mga community care facility ay nagbibigay sa mga pangkalusugang organisasyon ng kakayahang umayon para matugunan ang mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan para matugunan ang kontrol sa impeksiyon, kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho, at mga pamantayan sa pangangalaga sa pasyente. Halimbawa, ang ilang single-use item ay kailangan para maghain ng mga hinandang pagkain sa mga pasyente ng ospital para mabawasan ang peligro sa pagkalat ng mga impeksiyon, at ang single-use na plastic na kubyertos ay ang mas nais na opsiyon sa mga psychiatric unit para matugunan ang mga pangkaligtasang alalahanin.

Alam ng Lungsod na iniimbestigahan ng mga pangkalusugang organisasyon ang mga oportunidad para mabawasan ang distribusyon ng mga single-use item sa pangangalaga sa kalusugan sa patuloy na batayan.

Paano ipinatutupad ng Lungsod ang by-law ng kubyertos?

Dahil sa mga nakakapagpahina ng mga pangyayari ng COVID-19, inuuna ng mga kawani ng Lungsod ang outreach at edukasyon para masiguro na ang mga negosyo ay may suportang kailangan nila upang sumunod sa mga by-law ng single-use item.

Kung makitang hindi sumusunod ang negosyo sa mga by-law ng single-use item na ipinatutupad, ang mga unang pagkilos ng Lungsod ay tututok sa edukasyon, outreach at suporta para matulungan silang sumunod.

Kasunod ng unang pagkilos sa edukasyong ito, ang pagdagdag ng mga lebel ng pagpapatupad ay maaaring ilapat para matugunan ang hindi sumusunod na nagpapatakbo. Maaaring kasama sa pagpapatupad ang pagbibigay ng mga ticket, na may multang \$500 sa bawat paglabag, o higit na prosekusyon sa probinsiyal na korte na maaaring sumailalim sa maximum na multang \$10,000 sa bawat paglabag. Ang patuloy na hindi pagtupad ay maaari lang magresults sa mga pagsuspinde sa lisensiya ng negosyo, o mga rekomendasyon para sa pagbawi ng lisensiya ng negosyo.

Para sa mga pinakabagong update sa pagpaaptupad, pumunta sa vancouver.ca/reduce-single-use